

Filipino/Tagalog

# Ang Karapatan Ng Mga Bingi Na Lumaking Bilingwal

The Filipino/Tagalog translation of  
“The right of the deaf child to grow up bilingual”

by François Grosjean

University of Neuchâtel, Switzerland

Translated by Rosalinda Macaraig Ricasa

This translation was made possible by a collaborative project between the University of Neuchâtel, Switzerland (Language and Speech Laboratory) and Gallaudet University (Signs of Literacy Program) and was funded by The Parthenon Trust and the Elysium Foundation.

# Ang Karapatan Ng Mga Bingi Na Lumaking Bilingwal\*

Ni Dr. Francois Grosjean

Laboratoryo para sa Proseso Ng Wika at Pagbigkas  
Pamantasan Ng Neuchatel, Switzerland

Mula sa Tagapagsalin: Si Dr. Francois Grosjean ay kilalang psycholinguist sa Europa at Amerika. Malawak ang kanyang kaalaman at pananaliksik tungkol sa wika at bilingwalismo. Malawak rin ang kanyang karanasan sa pananaliksik tungkol sa pangangailangang pang lingwistika at pang edukasyon ng mga bingi.

Karapatan ng bawat batang bingi ang lumaking bilingwal, ano pa man ang antas ng kanilang pagkabingi. Ito'y karapatan ng batang bingi sapagkat sa ganitong paraan lamang niya lubusang makakamtan ang kanyang kakayahan sa pag-iisip, pakikipagtalastasan sa kapwa, kakayahang pang-sosyal at panlingwistika sa pamamagitan ng kaalaman at paggamit ng wikang sinesenyas (sign language) at wikang binibigkas (spoken language) – sa paraang pasulat at kung posible sa paraang pabigkas.

## **Anu-ano ang mga kasanayang nararapat magawa ng isang bata ayon sa kanyang kaalaman sa Wika?**

Magagawa ng isang batang bingi ang mga sumusunod na kasanayan ayon sa kanyang kaalaman sa wika:

1. Makipag-usap sa kanyang magulang at mga kasambahay sa lalong madaling panahon. Karaniwan sa batang may pandinig ang matututong magsalita mula pa sa pagkabata kung siya ay lumaking nakikinig at naiintindihan ang wikang ito. Samakatuwid ang wika ay isang mahalagang instrumento upang mapagtibay at maitaguyod ang ugnayan ng anak sa magulang. Ganoon din naman ang sitwasyon ng batang bingi. Kailangang matutunan niyang makipag-usap sa kanyang magulang, gamit ang isang natural na wikang maiintindihan niya nang lubusan. Ang wikang ito ay tunay na magagamit niya mula pa sa murang gulang. Sa pamamagitan lamang ng wika ng senyas mapagtibay ang relasyon ng anak at magulang.

2. Mapaunlad ang kakayahang mag-isip magmula pa sa kanyang pagkabata. Sa pamamagitan ng paggamit ng wika, napalalago ng isang bata ang kanyang kakayahang mag-isip. Ito ay mahalaga sa personal na pag-unlad ng isang bata. May iba't ibang uri ng kakayahan sa pag-iisip. Kabilang dito ang kakayahang mangatuwiran, mag-isip ng mga abstraktong bagay, magsaulo at iba pa. Magkakaroon ng negatibong epekto sa pag-unlad ng kakayahang mag-isip ng bata kung ang wikang kanyang ginagamit ay hindi natural o angkop sa kanya, at kung ito'y hindi niya lubos na nauunawaan o naiintindihan.

---

\* Mula sa May-Akda: Ang maikling artikulong ito ay bunga ng matagal na panahong pagmumuni-muni tungkol sa bilingwalismo at pagkabingi. Kadalasan, hindi nabababatid ng mga taong nakapaligid sa mga batang bingi (ang kanilang mga magulang, mga manggagamot, language pathologist, guro at iba pa) na ang mga batang ito ay maaaring lumaking bilingwal. Isinulat ang artikulong ito para sa kanilang kaalaman. Nais kong magpasalamat sa mga sumusunod na kaibigan at kasamahan sa propesyon, sa kanilang pagbibigay ng mga mahalagang komentaryo at suhestiyon tungkol sa artikulong ito: Robbin Battison, Penny Boyes-Braem, Eve Clark, Lysiane Grosjean, Judith Johnston, Harlan Lane, Rachel Mayberry, Lesley Milroy, Ila Parasnis at Trude Schermer. Nais ko ring magpasalamat kay Rosalinda Macaraig Ricasa sa pagsalin ng artikulong ito sa Filipino.

3. Matuto ng mga kaalamang pandaigdig o kaalaman ukol sa kanyang kapaligiran. Habang lumalaki ang bata, nagkakaroon siya ng mga kaalaman tungkol sa kanyang paligid sa pamamagitan ng pakikinig at pakikipagtalastasan sa wikang kanyang kinagisnan. Habang siya'y nakikipag-usap sa kanyang mga magulang, sa mga nakatatanda kanya, sa ibang miyembro ng kanyang pamilya, at sa kapwa bata, nagkakaroon ng palitan ng kaalaman ukol sa mundo at pag-unawa sa mga kaalamang ito.

4. Ganap na makipagtalastasan sa mundong kanyang ginagalawan. Katulad ng batang nakakarinig, kailangan ding makipagtalastasan ng batang bingi sa mga taong bahagi ng kanyang buhay (magulang, mga kapatid, mga kapwa bata, mga guro at iba pang nakatatanda sa kanya). Ang komunikasyong ito ay nararapat maganap gamit ang isang wikang naaangkop sa taong nagsasalita at naayon rin sa kanilang sitwasyon. Maisasagawa ang komunikasyong ito sa pamamagitan ng paggamit ng wikang sinesenyas o ng wikang binibigkas (katulad ng Ingles o Filipino/Tagalog) kung may kakayahan ang batang umunawa nito.

5. Makakuha ng kaalaman tungkol sa dalawang kulturang kanyang kinamulatan. Sa pamamagitan ng paggamit ng wika, ang isang batang bingi ay makakakuha ng kaalaman sa pagiging ganap na kasapi ng dalawang mundong kanyang ginagalawan – ang mundo ng mga nakarinig at ang mundo ng mga bingi. Kailangang makipag-ugnayan siya sa mundo ng mga nakakarinig dahil karamihan sa mga batang bingi ay naipanganak sa pamilyang may pandinig. (Siyamnapung porsyento ng mga bata bingi ay nanggagaling sa mga pamilyang nakakarinig). Gayon pa man, nararapat ding makisalamuha ang batang bingi sa mga taong hindi nakakarinig o mga bingi, na kanya ring daigdig. Nararapat siyang masanay at maging komportable sa dalawang kulturang ito at makibahagi sa kanilang kalakaran.

## **Bilingwalismo lamang ang makakasagot sa mga ganitong pangangailangan.**

Ang salitang bilingwalismo ay tumutukoy sa kaalaman at regular na paggamit ng dalawa o higit sa dalawang wika. Sa pamamagitan lamang ng bilingwalismo sa senyas at sa wikang sinasalita (kadalasan sa paraang pasulat) makakamtan ng batang bingi ang kasanayang makipagtalastasan sa kanyang mga magulang mula pa sa murang gulang, mapaunlad ang kanyang kakayahang mag-isip, makakuha ng mga kaalaman tungkol sa mundong kanyang ginagalawan, makipagtalastasan nang ganap sa mga tao sa kanyang paligid at maging kumportable sa kultura ng mga kapwa bingi at kultura ng mga nakakarinig.

### **Anong uri ng bilingwalismo ang naaangkop?**

Ang bilingwalismong naaangkop sa batang bingi ay yaong gumagamit ng dalawang uri ng wika – ang wika ng senyas na nagmula at umusbong sa pamayanan ng mga bingi at ang wika ng mga taong nakakarinig katulad ng Tagalog o Ingles. Matututunan ng batang bingi ang wika ng mga taong nakakarinig sa pamamagitan ng mga bagay na nakasulat o kung posible ay sa pamamagitan ng mga sinasabi sa kanya (kung ito'y tunay na maiintindihan niya). Nakasalalay sa bata ang papel na gagampanan ng dalawang wikang ito. May mga batang bingi na higit ng gagamit ng wika ng senyas kaysa wikang binibigkas. Ang ilan sa kanila ay higit na gagamitin ang wikang sinasalita at ang iba nama'y kapwa gagamitin ang dalawang wikang nabanggit. Dagdag dito, iba't ibang uri ng antas ng bilingwalismo ang maaring ring mangyari dahil ang sitwasyong ng paggamit ng wika sa mga bingi ay maraming kaganapan (may apat na paraan ng paggamit ng wika – pagsasalita, pakikinig, pagsusulat at pagbabasa; may dalawang uri ng produksyon – isinasalita or isinesenyas, dalawang paraan ng pag-intindi at iba pa). Dahil dito, ang mga batang bingi ay magkakaroon ng iba-ibang antas ng bilingwalismo. Sila nga ay hindi naiiba sa mga taong bilingwal, na halos kalahati ng populasyong ng buong mundo. (Napag-alaman na sa buong mundo, ang mga taong bilingwal ay kasing dami o di kaya'y higit na marami sa mga taong monolingwal o gumagamit lamang ng iisang wika). Katulad ng ibang batang bilingwal, lubos na magagamit ng mga batang bingi ang kanilang wika ng senyas sa kanilang pang-araw-araw na pamumuhay. Sa iba't ibang antas at paraan, sila'y magiging bahagi ng dalawang mundo – ang daigdig ng mga nakakarinig at ang daigdig ng mga bingi.

## **Ano ang papel na ginagampanan ng Wika ng Senyas sa buhay ng mga batang bingi?**

Ang unang wika (o ang isa sa dalawang wika) na dapat matutunan ng mga bingi ay ang wika ng senyas. Ito ay isang wikang natural na makapagbibigay ng tunay at ganap na komunikasyon para sa mga bingi. Di tulad ng wikang binibigkas, magkakaroon ng ganap na komunikasyon ang magulang sa kanyang anak na bingi kung matututunan nila nang mabilis at gagamitin ang wika ng senyas mula sa murang gulang ng kanilang anak. May mahalagang papel na ginagampanan ang Wika Ng Senyas sa paglago ng kakayahang mag-isip, ng kakayahang pang-sosyal at ng pagkuha ng batang bingi ng kaalaman tungkol sa mundo. Sa wikang ito matutunan at maisasakatuparan ang pakikisalamuha ng bata sa kultura ng mga bingi (isa sa dalawang mundong kanyang ginagalawan) sa panahong matagpuan niya ito. Dagdag dito, madaling matututunan ng batang bingi ang wikang isinasalita katulad ng Tagalog o Ingles sa paraang pasulat o pabigkas kung gagamitin niya ang wika ng senyas sa pag-aaral ng wikang sinasalita. Alam natin na kung ang isang wika ay matututunan ng bata sa paraan normal para sa kanya, mapa- wikang senyas o wikang binibigkas , makakatulong ito nang malaki sa kanyang pagkatuto ng pangalawang wika. Sa huli, kung tunay na gagamit ng wika ng senyas ang isang batang bingi, makakasiguro ang bata ito na mayroon siyang kahit isang wikang tunay na nalalaman at naiintindihan. Sa kabila ng puspusang pagtuturo ng mga propesyonal na makapagsalita ang mga batang bingi at sa kabila rin ng paggamit ng iba't ibang teknolohiya sa pagpapabuti ng paraan sa pagtuturo ng pagbigkas, marami pa ring mga batang bingi ang tunay na nahihirapang magsalita o umunawa ng wikang binibigkas lamang (spoken modality). Ang matagal na panahong paghihintay na lubusang makapagsalita ang isang batang bingi at ang pagpipigil sa kanyang matuto ng senyas na siyang ganap na makasasagot ng kanyang pangangailangang pangkomunikasyon, ay naglalagay ng balakid sa paglago ng kakayahang mag-isip, sa kakayahang lingwistika o sa kakayahang sosyal at personal ng batang bingi.

## **Ano ang papel na ginagampanan ng Wikang Sinasalita?**

Ang pagiging bilingwal ay nangagahulugan ng pagkabihasa sa paggamit ng dalawa o higit pang wika. Ang pangalawang wika ng batang bingi ay ang wikang sinasalita ng mundo ng mga nakakarinig kung saan siya ay kasapi rin. Kadalasan, ang wikang pabigkas na ito (sa paraang pasulat at pabigkas) ay siyang wika ng kanyang mga magulang, mga kapatid, mga kamag-anak, mga kaibigan, mga magiging katrabaho at iba pa. Kung ang mga taong nakakausap at nakakasalamuha ng bata ay hindi nakakaalam ng senyas, mahalaga pa ring magkaroon ng komunikasyon kahit sa pamamagitan ng wikang isinasalita. Ito ay mangyayari kung ang paraang gagamitin ay pagsusulat. Ang pagsusulat ay isang mahalagang paraan para matutunan ng batang bingi ang mga kaalaman tungkol sa mundo. Karamihan sa ating kaalaman tungkol sa mundo ay natutunan natin sa pamamagitan ng pagbasa ng mga nakasulat na impormasyon sa paaralan man o sa tahanan. Mahalagang magkaroon ng komunikasyon ng mga kaalamang ito sa batang bingi. Dagdag pa dito, ang tagumpay ng batang bingi sa akademya o pag-aaral at sa kanyang magiging propesyonal na buhay ay nakasalalay sa kanyang galling sa pagbasa ng wikang sinasalita at kung minsan, sa galing niyang magsalita.

## **Konklusyon**

Tungkulin natin na hayaang matuto ang batang bingi na gumamit at magkaroon ng kaalaman sa dalawang wika, ang wika ng senyas (ang kanyang unang wika kung malalim ang antas ng kanyang pagkabingi – severe hearing loss) ng pamayanan ng mga bingi at ang wikang pabigkas ng mga taong nakakarining. Upang makamitan ito, kailangan magkaroon ng pagkakataon ang batang bingi na makihalubilo sa dalawang pamayanang ito at sa wikang kanilang ginagamit. Kung isasalay lamang sa iisang wika – ang wikang sinasalita, dahil pangako ng mga makabagong teknolohiya, isinusugal lamang natin ang kinabukasan ng batang bingi. Naglalagay tayo ng balakid sa paglago ng kakayahan sa pag-iisip at kakayahang pang-personal ng bata. Magkakaroon ng negatibong epekto sa kanyang kakayahang maging tunay na kasapi ng dalawang mundong kanyang ginagalawan. Ang maagang pagkilala sa dalawang wikang nasambit kumpara sa isang wika lamang ay magbibigay sa bata ng higit na malaking pagkakataon o garantiyang magtagumpay sa hinaharap, kahit na anu pang kinabukasan ang kanyang

haharapin o kung kanino o kahit anong mundo niya pipiliing mamuhay (sa kasong ito, isa lamang sa dalawang mundong kanyang ginagalawan). Hindi panghihinayangan ng isang tao na marami siyang wikang natutunan. Ang maari pa niyang panghihinayangan ang hindi pagkakaroon ng sapat na kaalaman tungkol sa kanyang kakayahang mapaunlad ang kanyang sarili, lalo na kung nakasalalay dito ang kanyang personal na buhay. May karapatan ang batang bingi na lumaking bilingwal at tungkulin nating tulungan siyang makamit ito.

#### Mga Artikulong Isinulat ng May-Akda

Grosjean, F. (1982). *Buhay sa Dalawang Wika: Isang Introduksyon sa Bilingualismo (Life with Two Languages: An Introduction to Bilingualism)*. Cambridge, MA: Harvard University Press.

Grosjean, F. (1987). Bilingwalismo (Bilingualism). Mula sa *Gallaudet Encyclopedia of Deaf People and Deafness*. New York: McGraw-Hill.

Grosjean, F. (1992). Ang taong bilingwal at bikultural sa Mundo ng May Pandinig At Sa Mundo Ng Mga Bingi (The bilingual and the bicultural person in the hearing and in the deaf world). Pag-aaral sa Wika ng Senyas (*Sign Language Studies*), 77, 307-320.

Grosjean, F. (1994). Bilingwalismong Pang-Indibidwal (Individual bilingualism). Mula sa *The Encyclopedia of Language and Linguistics*. Oxford: Pergamon Press.

Grosjean, F. (1994). Bilingwalismo Sa Wika Ng Senyas: Mga Isyu (Sign bilingualism: Issues). Mula sa *Encyclopedia Ng Wika at Linguistika*. Oxford: Pergamon Press.

Grosjean, F. (1996). Ang Buhay Sa Dalawang Wika at Dalawang Kultura (Living with two languages and two cultures). Mula sa *Pagkakaiba-iba ng Kultura at Wika: Mga Repleksyon/Pagmumuni-muni Tungkol sa Karanasan Ng Mga Bingi. (Cultural and Language Diversity: Reflections on the Deaf Experience)* (pp. 20-37) ni I. Parasnis (Patnugot), Cambridge: Cambridge University Press.